

DAKILANG KAPISTAHAN NG PENTEKOSTES



MISA

PAUNANG SALITA

- Umabot na tayo sa ikalawang mahalagang kapistahan sa Taong Litrhiko: ang Kadakilaan ng Pentekostes, na pinagwawakasan ng Panahon ng Pasko ng Pagkabuhay. Malapit ang pagkakaugnay ng Pasko ng Pagkabuhay at ng Pentekostes.
- Noong una, ang Kadakilaan ng Pentekostes ay isa sa tatlong pangunahing kapistahan sa kalendaryo ng mga Judio. Sa kapistahang ito, pinapupurihan ng mga Judio ang Diyos dahil sa:
 - TIPAN o pakikipagkasundo ng Diyos sa kanila sa Bundok ng Sinai,
 - SAMPUNG UTOS, na tinawag nilang KAUTUSAN, at
 - ANI NG BUTIL na katatapos pa lamang.
- Sa Kanyang karunungan, pinili ng Diyos ang araw kung kailan matutupad ang pangako ni Hesus na magsusugo siya ng Espiritu Santo sa mga apostol, at sa gayo'y:
 - pagtibayin ang BAGONG TIPAN, di lamang sa isang bansa kundi sa buong sangkatauhan, isang kasunduang nilagdaan nang tayo'y binyagan;
 - ipahayag ang BAGONG KAUTUSAN, na binubuo ng isa lamang utos: *mag-ibigan tulad ng pag-ibig ni Kristo sa atin*; at
 - pasimulan ang ANI NG MGA KALULUWA sa 3,000 taong nanampalataya kay Kristo nang mapakinggan nila si Pedro. Patuloy ang aning iyon mula pa noon at magpapatuloy ito para sa atin hangga't may isa pang taong kailangang iligtas.
- Ngayon ay Araw ng Pentekostes. Natitipon tayo rito upang malugod na tanggapin ang Espiritung nais ng Panginoong ipakibahagi sa Eukaristiyang ito.

PAMBUNGAD

Espiritu ng Poong D'yos, lumukob sa sansinukob,
at sa tanang kanyang sakop, dunong niya ay pumuspos.
Aleluya ay ihandog!

PANALANGING PAMBUNGAD

Ama naming makapangyarihan,
pinababanal mo ang iyong pandaigdig na Sambayanan
sa ipinahahayag mo ngayon sa dakilang kapistahan.
Gawin mong ang buong daigdig ay mapuspos nang ganap
sa mga kaloob ng Espiritu Santong bigay mo sa lahat
para puspusin ang kalooban ng tanan
noong ang Mabuting Balita ay simulang ipangaral
sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan. – Amen!

UNANG PAGBASA (*Gw 2:1-11*)

Panimula

- Sinisimulan ni Lucas ang Kabanata 2 ng *Mga Gawa ng mga Apostol* sa isang detalyadong pagsasalaysay ng pangyayaring ipinagdiriwang ngayon: ang pagdating ng Espiritu Santo sa mga apostol at disipulong natitipon sa Silid sa Itaas.
- Sa Araw ng Pentekostes, kumilos ang Espiritu Santo sa dalawang paraan: pagbabago ng kalooban ng mga apostol at pagtitipon sa mga tao sa paligid ng kanilang bahay sa paghip ng hangin.
- Sa kanyang pagsasalaysay, binabanggit ni Lucas ang may 15 iba't ibang pangkat ayon sa wika, at bagamat ang salita ng mga apostol ay Aramaiko, lahat ng naroroon ay nakapakinig sa kanilang waring nagsasalita sa kani-kanilang katutubong wika.
- Ito ang ibig sabihin ng gayong himala: kung ang pagkakasala ay nagbunga ng pagkakawatak-watak, ang Espiritu nama'y naghahatid ng pagkakaisa't pagmamahalan.
- Ang Pentekostes ay siyang kaarawan ng Simbahan, ang kapistahan ng pagkakaisa. Huwag sanang tulutang hadlangan ng di-pagkakasundo ang pagkilos ng Espiritu sa ating pamayanan.

Pagpapahayag mula sa mga Gawa ng mga Apostol



¹ Nang sumapit ang araw ng Pentekostes, nagkatipon silang lahat sa isang lugar. ² At biglang narinig ang isang ugong mula sa langit, animo'y hangunot ng malakas na hangin, at napuno nito ang bahay na kinaroroonan nila. ³ May nakita silang wari'y mga dilang apoy na lumapag sa bawat isa sa kanila. ⁴ At silang lahat ay napuspos ng Espiritu Santo at

nagsalita ng iba't ibang wika, ayon sa ipinagkaloob sa kanila ng Espiritu.

⁵ May mga Judiong buhat sa iba't ibang bansa, na naninirahan noon sa Jerusalem, mga taong palasamba sa Diyos. ⁶ Nang marinig ang ugong na ito, nagdatingan ang maraming tao. Namangha sila sapagkat sinasalita ng mga alagad ang mga wika nila. ⁷ Sa kanilang pagtataka ay kanilang nasabi, "Hindi ba Galileo silang lahat?" ⁸ Bakit ang atin-ating katutubong wika ang naririnig natin sa kanila? ⁹ Tayo'y mga taga-Partia, mga taga-Media, mga taga-Elam; mga naninirahan sa Mesopotamia, sa Judea at sa Capadocia, sa Ponto, at sa Asia. ¹⁰ Mayroon pa sa ating taga-Frigia at Panfilia, Egipto at sa mga saklaw ng Libia na sakop ng Cirene, at mga nakikipanirahan mula sa Roma, maging mga Judio at mga naakit sa Judaismo. ¹¹ May mga taga-Creta at Arabia pa rito. Paano sila nakapagsasalita sa atin-ating wika tungkol sa mga kahanga-hangang gawa ng Diyos?"

Ang Salita ng Diyos!

SALMONG TUGUNAN (*Awit 103:1.24, 29-30, 31.34*)

1. Pinupuri ka, Poong Diyos, nitong aking kaluluwa, // O Panginoong Diyos, kay-dakila mong talaga! // Sa daigdig ikaw, Poon, kay-rami ng iyong likha, // sa dami ng nilikha mo'y nalaganapan ang lupa.
Tugon: Espiritu mo'y suguin, Poon, tana'y 'yong baguhin!
2. Natatakot mangamatay kung kitlin mo ang hininga; // mauwi sa alabok, pagkat doon mula sila. // Taglay mo ang Espiritu upang buhay ay ibalik, // bagong buhay ay dulot mo sa nilikha sa daigdig. (*T.*)
3. Sana ang 'yong karangala'y manatili kailanman, // sa lahat ng iyong likha ang madama'y kagalakan. // Ang awit ng aking puso sana naman ay kalugdan, // habang aking inaawit ang papuri sa Maykapal. (*T.*)

IKALAWANG PAGBASA (*1 Cor 12:3-7.12-13*)

Panimula

- Paulit-ulit sa kanyang mga liham, binabalikan ni Pablo ang kanyang piling paghahambing ng Simbahan at ng katawan ng tao. Ang papel ng Espiritu sa Simbahan ay tulad ng sa kaluluwa ng tao. Siya ang bukal ng pagkilos doon, at ang bigkis ng pagkakaisa sa mga Kristiyanong mga kasapi.
- Sa Ikalawang Pagbasa ngayong hango sa kanyang Unang Liham sa mga Kristiyano ng Corinto, ipinaaalaala ni Pablo sa atin ang isang batayang katunayan, na hindi sana tayo naging mga kasapi ng pangkat na iyon kung hindi dahil sa Espiritu. Sa ibang salita, ang Espiritu ay siyang nag-akay sa atin sa pananampalataya kay Kristo.

- Ito ay isang natatanging pribilehiyo, ngunit pribilehiyong nagpapahiwatig ng isang dakilang pananagutan: magpairal ng pagkakaisa sa pamayanan, ano man ang mangyari.
- Pinapawi ng Espiritu ang lahat ng hadlang na naglalayo sa isa't isa ng mga kasapi ng Simbahan. Tulutan nawang makaiwas tayo sa pagharap sa mga bagong hadlang at sa gayo'y magkasala sa Espiritu.

Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto



Mga kapatid:

³ **Hindi masasabi ninuman, “Panginoon si Hesus,” kung hindi siya pinapatnubayan ng Espiritu Santo.**

⁴ **Iba't iba ang kaloob, ngunit iisa lamang ang Espiritung nagkakaloob ng mga ito.** ⁵ **Iba't iba ang paraan ng paglilingkod, ngunit iisa lamang ang Panginoong pinaglilingkuran.** ⁶ **Iba't iba ang mga gawain ngunit iisa lamang ang Diyos na sumasalihat ng taong gumagawa ng mga iyon.**

⁷ **Ang bawat isa'y binigyan ng kaloob na naghahayag na sumasakanya ang Espiritu, para sa ikabubuti ng lahat.**

¹² **Sapagkat si Kristo'y tulad ng isang katawan na may maraming bahagi; bagamat binubuo ng iba't ibang bahagi, iisa pa ring katawan.**

¹³ **Tayong lahat, maging Judio o Griego, alipin man o malaya, ay bininyagan sa iisang Espiritu upang maging isang katawan. Tayong lahat ay pinainom sa isang Espiritu.**

Ang Salita ng Diyos!

AWIT TUNGKOL SA MABUTING BALITA

B – Halina, Espiritu, / sa sinag buhat sa 'yo/ kami'y liwanagan mo.
 Ama ng maralita, / dulot mo'y pagpapala / upang kami'y magkusa.
 Kaibiga't Patnubay, / sa amin mananahan / ang tamis ng 'yong buhay.
 Ginhawang ninanais, / lilim namin sa init, / kapiling bawat saglit.
 Lubhang banal na ilaw, / kami'y iyong silayan / ngayon at araw-araw.
 Kapag di ka nanahan / ay walang kaganapan / ang buhay nami't dangal.
 Marumi'y palinisin, / lanta'y panariwain, / sakit nami'y gamutin.
 Kami'y gawing matapat, / sa pag-ibig mag-alab, / lagi sa tamang landas.
 Tugunin aming luhog, / kami'y bigyang malugod / ng 'yong pitong kaloob.
 Gantimpala'y ibigay, / sa hantungan ng buhay / ligayang walang hanggan.

ALELUYA

Aleluya! Aleluya!
Espiritung aming Tanglaw,
kami'y iyong liwanagan
sa ningas ng pagmamahal.
Aleluya! Aleluya!

MABUTING BALITA (*Jn 20:19-23*)

Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan



¹⁹ Kinagabihan ng Linggo ding iyon, ang mga alagad ay nagkakatipon. Nakapinid ang mga pinto ng bahay na kanilang pinagtitipunan dahil sa takot nila sa mga Judio. Dumating si Hesus at tumayo sa gitna nila. “Sumainyo ang kapayapaan!” sabi niya. ²⁰ Pagkasabi nito, ipinakita niya ang kanyang mga kamay at ang kanyang tagiliran. Tuwang-tuwa ang mga alagad nang makita ang Panginoon.

²¹ Sinabi na naman ni Hesus, “Sumainyo ang kapayapaan! Kung paanong sinugo ako ng Ama, gayon din naman, sinusugo ko kayo.”

²² Pagkatapos, sila'y hiningahan niya at sinabi, “Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo. ²³ Ang patawarin ninyo sa kanilang mga kasalanan ay pinatawad na nga: ang hindi ninyo patawarin ay hindi nga pinatawad.”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

PANALANGIN NG BAYAN

Pari/Lider: Manalangin tayo sa ating Diyos Amang nagbigay sa atin ng Kanyang Espiritu sa pamamagitan ni Hesus na Kanyang Anak.

1. Para sa Santo Papa, ating Obispo, mga pari, relihiyoso, at katekista: Nawa magpagabay sila sa Espiritu sa kanilang gawain. Manalangin tayo!
Lahat: Panginoon, dinggin ang aming panalangin!
2. Para sa ating pamayanang Kristiyano: Nawa maalis natin ang lahat ng humahadlang sa pagtulong sa atin ng Espiritu. Manalangin tayo!
(Lahat)
3. Para sa bawat isa sa atin: Nawa makatulong tayo sa ikabubuti ng ating pamayanang Kristiyano sa pagpananatili at pagpapalago ng buhay sa Espiritu sa atin. Manalangin tayo! *(Lahat)*
4. Para sa mga nalulungkot o nag-aalala, para sa mga pinagkaitan ng kasiyahan, at para sa mga Kristiyanong pinanghihinaan ng loob:

Nawa pagkalooban sila ng Espiritu Santo ng ginhawa, liwanag, at lakas na kailangan nila. Manalangin tayo! (*Lahat*)

5. Para sa lahat ng tao: Nawa makatagpo sila ng mga tapat na Kristiyanong gagabay sa kanila tungo sa pagsisisi, pananampalataya kay Kristo, at pagkakamit ng buhay sa Espiritu. Manalangin tayo! (*Lahat*)

Pari/Lider: Amang nasa langit, salamat sa pagpapadala ng Iyong Anak upang idulot sa amin ang Espiritu Santo. Pasiglahin Mo kami sa aming pamayanang Kristiyano upang ang Iyong Espiritu ay makapangyari sa puso ng lahat. Isinasamo namin ito sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon. – Amen!

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

Ama naming Lumikha,
pakundangan sa pangako ng iyong Anak,
ang lihim ng iyong pag-ibig at paglingap
ay isiwalat nawa ng Espiritu Santo
ngayong ginaganap ang paghahaing ito
na siya rin nawang maglahad ng iyong katapatan
sa pamamagitan ni Hesukristo
magpasawalang hanggan. – Amen!

PREPASYO (*Pentekostes*)

Ama naming makapangyarihan,
tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.
Ngayo'y iyong nilubos ang ginanap na pagtubos
ng iyong Anak na si Hesukristo na siyang nakaluklok sa kanan mo.
Espiritu'y lumulukob sa mga taong tinubos
na iyong itinatampok bilang kapatid ni Kristo Hesus.
Araw ngayon ng pagsilang ng binuong sambayanan
ng iyong Anak na mahal.
Tanang tinubos na bansa, ikaw ang dinadakila.
Espiritu'y lumilikha ng nagkakaisang diwa.
Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo
nang walang humpay sa kalangitan,
kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:
Santo, santo, santo . . .

ANTIPONA NG PAKIKINABANG

Noong lumukob sa tanan, sugong Espiritung Banal,
mga gawa ng Maykapal, sama-samang inawitan
ng Aleluyang parangal!

PANALANGIN PAGKAPAKINABANG

Ama naming mapagmahal,
pinapapakinabang mo ang iyong Sambayanan
sa iyong mga bigay buhat sa kalangitan.
Ang iyong pagpapalang kaloob sa amin ay iyong panatilihin
upang laging masaganang dumaloy ang Espiritu Santo
at ang aming pinagsaluhan sa pagdiriwang na ito
ay magdulot ng pag-unlad,
sa pamamagitan ni Hesukristo
magpasawalang hanggan. – Amen!

KATESISMO

Patalastas: Ang mga pagbasa ngayon ay pareho para sa lahat ng tatlong taon. Kaya magagamit ang paliwanag ngayon sa Taong B at K.

Ang Pasko ng Pagkabuhay at ang Pentekostes ang dalawang pinakamatandang kapistahang ipinagdiriwang sa Simbahan, at magkaugnay ang dalawang ito. Kinukumpleto natin ngayon ang Panahon ng Muling Pagkabuhay, na siyang pinakamahalagang panahon sa Taong Liturhiko.

- Ang salitang “*Pentekostes*” ay salitang Griego na ang ibig sabihin ay “*ika-50*”; para sa atin, ibig sabihi’y “*ang ika-50 araw.*”
 - Para sa mga Judio, ang ibig sabihin nito ay *ika-50 araw pagkatapos ng kapistahan ng Paskuwa.*
 - Para sa ating mga Kristiyano, ibig sabihi’y *ang kapistahan ng ika-50 araw pagkatapos ng Pasko ng Pagkabuhay.*
- Ang Pentekostes ay dati-rating isa sa tatlong pangunahing kapistahan ng mga Judio na ipinagdiriwang sa utos ng Diyos mismo (*sangguniin Exo 23:14-17*). Ang tatlong kapistahang ito ay:
 - ang kapistahan ng *Paskuwa* sa Marso-Abril;
 - ang kapistahan ng *Pentekostes* sa Mayo-Hunyo;
 - ang kapistahan ng mga *Kubol* sa Setyembre-Oktubre.Ang tatlong ito ay tinawag na “*mga kapistahan ng mga peregrino*” sapagkat lahat ng mga lalaking nasa hustong gulang na naninirahang di kalayuan sa Jerusalem ay dapat sumamba sa Templo sa mga araw na iyon. Ang pinakadakila sa tatlong ito ay ang Paskuwa, bagamat umakit din ng maraming peregrino ang Pentekostes, gaya ng sinasabi sa Unang Pagbasa ngayon.

1. Malinaw ang karunungan ng Diyos sa pag-uugnay Niya ng Kanyang pagliligtas sa iba't ibang kapistahang Siya mismo ang nagtakda sa Matandang Tipan.

- Daan-daang taon pa bago isinilang si Hesus, itinakda na ng Diyos ang kapistahan ng Paskuwa upang ipagunita sa mga Judio kung paanong iniligtas ng Diyos ang kanilang mga ninuno sa pang-aalipin ng Faraon.

Ngunit kahit na ipinag-utos pa man ng Diyos ang pagdiriwang ng Paskuwa, napagpasiyahan na rin naman Niyang magaganap sa kapistahang iyon ang kamatayan at muling pagkabuhay ng Kanyang Anak na si Hesus pagkatapos ng maraming taon.

Ayon sa plano ng Diyos, ang pagpapalaya ng mga Israelita sa Faraon ay sasagisag sa pagpapalaya ng lahat ng tao sa pang-aalipin ng demonyo sa pamamagitan ng pagpapakasakit at kamatayan ni Hesus. *Kaya nga, ang Paskuwang kapistahan ng mga Judio ay naging tanda ng ating kapistahan ng Muling Pagkabuhay.*

- Parang ganito rin ang nangyari sa kapistahan ng Pentekostes ng mga Judio. Pinili ng Diyos ang araw na iyon para sa pagsusugo sa Espiritu Santo sa mga apostol at sa gayo'y nagbigay-buhay sa Simbahan. Sa katunayan, ang Araw ng Pentekostes ay tinatawag na "*kaarawan ng Simbahan.*"

Wala nang marahil hihigit pang angkop na napiling araw ang Diyos para pababain ang Espiritu Santo sa mga apostol.

Mahalaga ang Pentekostes sapagkat:

- Sa Araw ng Pentekostes, ipinagdiwang ng mga Judio ang *Pakikipagtipan* ng Diyos sa mga Israelita sa disyerto – isang Pakikipagtipang pormal na nagpakilala sa bayang hinirang ng Diyos.
Sadyang pinili ng Diyos ang araw ring iyon upang pagtibayin ang Kanyang Bayong Tipan, na pinatunayan na ni Kristo sa krus sa pamamagitan ng kanyang sariling dugo at siyang tanda ng simula ng Simbahan, ang bagong Bayan ng Diyos. Ang tipan ding ito ay pinagtibay ng Espiritu sa puso ng bawat Kristiyano sa Bautismo.
- Ipinagdiwang ng mga Judio sa Araw ng Pentekostes ang *pagbibigay ng Diyos sa Sampung Utos sa Bundok ng Sinai*. Buong pitagan nilang tinukoy ang mga utos na iyon sa tawag na "*Ang Kautusan.*"
Hinirang din ng Diyos ang Araw ng Pentekostes bilang "*Ang Bagong Kautusan ng Pag-ibig,*" na itinakda ni Hesus. Ang kautusang ito ay nagtataglay ng iisang utos: "*Mag-ibigan kayo! Kung paanong inibig ko kayo, gayon din naman, mag-ibigan kayo!*" (*Jn 13:34*) na maaari lamang sa kapangyarihan ng Espiritu.
Ang Sampung Utos ay isinulat ng Diyos mismo sa bato. Ang ganitong bagong kautusan ng pag-ibig ay masusulat ng Espiritu

Santo sa puso ng bawat tao, gaya ng pahayag ni Ezekiel sa kanyang propesiya. (*Sangguniin Ez 36:27.*)

- Sa Araw ng Pentekostes, ipinagdiwang ng mga Judio ang *katapusan ng pag-aani*. Iyon ang araw na pinili ng Diyos para sa masaganang ani ng mga kaluluwang naganyak ng pangangaral ni Pedro na umanib sa Simbahan. Ang Pentekostes ay tanda ng simula ng pag-aaning magpapatuloy hangga't may isa pang natitirang kaluluwa para iligtas.

Kahanga-hanga ang karunungan at pag-ibig ng Diyos sa pagbabalak ng bawat detalye sa Kanyang pagliligtas sa tao. Kahanga-hanga rin ang pagtulong Niya para maunawaan natin ang mga gayong plano.

2. Ang pag-uumapaw ng Espiritu

- Isinasalaysay sa Unang Pagbasa ang pagkakaloob ng Espiritu Santo sa mga Apostol at sa iba pang disipulo sa Araw ng Pentekostes. Sa Ebanghelyo nama'y iniulat ang tungkol sa mga nangyari nang gabi ng muling pagkabuhay ni Hesus.

a) *Ang unang pagbibigay ng Espiritu Santo*

- Agad ibinigay ni Hesus ang Espiritu Santo sa mga apostol sa una pa lamang pagkakita niya sa kanila mula nang siya'y muling nabuhay. Gaya ng isang mayaman at bukas-palad na taong sabik na mamudmod ng kanyang kayamanan sa kanyang mga minamahal, di nag-aksaya ng panahon si Hesus sa pagbibigay ng Espiritu Santo sa mga apostol. Itong kanyang sariling Espiritu, ang kanyang sariling banal na buhay, ang di masira ng mga Judio sa krus. Para sa mga apostol, iyon ay isang napakahalagang yaman, isang katangi-tanging kaloob na tinamo ni Hesus para sa kanila at lahat ng tao, kapalit ng sarili niyang dugo.
- Kasama ng kaloob na Espiritu, dinulutan ni Hesus ang kanyang mga apostol ng lahat ng iba pang biyaya ng Espiritu:

- ***Kapatawaran:***

Si Hesus ay nagbinyag sa kanila sa Espiritu Santo, gaya ng ipinahayag ni Juan Bautista. (Sangguniin Lu 3:16.) Kung paanong napapawi ng liwanag ang dilim, gayon din, pinawi ng Espiritu ang lahat ng bahid ng pagkakasala sa mga kaluluwa ng mga apostol. Kailangan nila munang mapatawad bago nila magamit ang kapangyarihang magpatawad ng mga kasalanan ng iba, na ibabahagi na sa kanila ni Hesus.

- At kasama ng kapatawaran, *ang biyaya ng kapayapaan:* Di kahit na ano lamang kapayapaan, kundi ang kapayapaan mismo ni Hesus na ibinigay niya sa kanila pagkatapos ng Huling Hapunan. (*Sangguniin Jn 14:27.*)
- At kasama ng kapayapaan, *ang biyaya ng kagalakan:* Ang kagalakang di pa nila nalalasp kailanman – ang

kagalakang taglay ni Hesus mismo sa kanyang puso. Totoong naging bukas-palad si Hesus sa kanyang mga apostol. Sa mga sandaling iyon, di nila maubos isipin ang pagbabagong nagaganap sa kanila.

b) Ang pagbibigay ng Espiritu noong Araw ng Pentekostes

- Sa salaysay ni Lucas sa mga pangyayari noong Araw ng Pentekostes, walang banggit kay Hesus. Wala ring tinig na buhat sa langit.
Gayunman, ang hangin ay siyang wika ng Diyos, at ang mga ningas ay siyang tanda ng Kanyang presensiya. Ang bisa ng Espiritu Santo ay naroon para makita ng bawat isa:
 - *sa karunungan ibinigay sa mga apostol* – Di maiwasang ikagulat ang tapang ni Pedro sa kanyang talumpati; nangungusap ang isang mangmang na waring daig pa ang isang teologo; at
 - *sa pag-uudyok sa mga apostol na ipahayag nila si Kristo* – Di nila matimpi ang tungkol sa muling pagkabuhay ni Kristo; kailangan nila itong ipahayag. Kamangha-mangha rin ang tapang na ipinamalas ng mga apostol dito, gayong kangi-kangina lamang ay isa silang pangkat ng mga taong takot!
- Ang pagbibigay ng Espiritu Santo sa mga apostol nang araw ng muling pagkabuhay ni Hesus ay para sa kanila isang *tunay na bautismo*; ang pagbibigay noong Araw ng Pentekostes ay para sa kanila *isang pagkukumpil*. Nagpamalas ng tunay na karunungan ang Simbahan sa pagpili sa mga pagbasa para ngayon. Patuloy pang sisikat ang karunungan ito habang sinusuri natin ang Ikalawang Pagbasang hango sa Unang Liham ni Pablo sa mga Kristiyano ng Corinto.

3. Dapat maging laging Pentekostes sa ating pamayanang Kristiyano.

- Malinaw sa Aklat ng mga Gawa ng mga Apostol na ipinahayag ang Espiritu Santo sa kanyang mga apostol sa dalawang okasyon lamang – noong Pasko ng Pagkabuhay at noong Araw ng Pentekostes. Palibhasa isinilang ang Simbahan noong Araw ng Pentekostes, ang parabula ng puno at ng mga sanga nito na ipinaliwanag ni Hesus sa kanyang mga apostol pagkatapos ng Huling Hapunan (*sangguniin Jn 15:1-8*) ay nagkatotoo. Patuloy ang daloy ng buhay sa pagitan ni Hesus, na siyang katawan ng puno, at ng mga sanga, na tumutukoy sa mga apostol.
- Gayundin, ang pagbibigay ni Hesus ng Espiritu sa ating pamayanan ay di lamang sa Bautismo at Kumpil. May pagdaloy ng buhay kay Hesus at sa atin, na itinutulad ni Pablo sa pagdaloy ng buhay sa ulo at ibang bahagi ng katawan ng tao.

- Sa kanyang mga liham, paulit-ulit na ginagamit ni Pablo ang sagisag ng katawan ng tao sa pagtukoy sa kaugnayan ni Kristo at ng Espiritu sa atin at ating pamayanang Kristiyano. *Si Kristo ang ulo, ang mga mananampalataya ang mga miyembro, at ang Espiritu ang nagbibigay-buhay na kaluluwa ng Simbahan at ng ating pamayanang Kristiyano.*
- Wala nang iba pang paghahambing ang higit na makapaghahayag ng pinapangyayari ng Espiritu sa atin sa mga sandaling tayo ay natitipon ngayon para sa ating pan-Linggong Eukaristiya.
 - **Hinuhugasan tayo** ng Espiritu sa ating mga kasalanan. Patuloy itong ginagawa sapagkat nakakapit sa atin ang pagkakasala sa maraming paraan.
 - **Ibinabalik ang ating kapayapaan:** kapayapaan sa ating mga pusong laging nababalisa, at kapayapaan sa ating mga sarili na laging nanganganib dahil sa kasakiman.
 - **Pinupuspos tayo ng kagalakan:** tunay na kagalakang panghalili sa kalungkutang iniwan sa atin ng hungkag na kagalakan ng pagkakasala.
 - **Binibigyan tayo ng liwanag** para maunawaan natin ang salita ng Diyos, at **tunay na karunungan** pantulong sa ating pagtuklas sa mga plano ng pag-ibig ng Diyos para sa atin.
 - At **binibigyan tayo ng lakas:** lakas **na magbigay-saksi sa Kanya** sa isang tunay na Kristiyanong pamumuhay at lakas na **“magpatawad ng mga kasalanan”** – alalaong baga’y paghilumin ang mga pagsugat natin sa isa’t isa. Ang Espiritu lamang ang makagagabay sa atin para tayo’y magpatawaran nang tapat.
- Kapag inihahayag sa atin ang Espiritu, may tanging aspeto ng pag-ibig ni Hesus at ng karunungan ng Espiritu: inihahayag sa atin ng Espiritu ang Kanyang sarili **“sa ating sariling wika,”** habang nasa isip ang ating sari-sariling pangangailangan at tuwinang nakikibagay sa ating kalagayan.
Ang paghahayag sa atin ni Hesus ng kanyang Espiritu ay bukas-palad ding tulad ng kanyang pagiging mapagbigay sa kanyang mga apostol. Sa bawat saglit ay idinudulot niya sa atin ang Espiritu. Dapat na maging laging Pentekostes sa ating pamayanang Kristiyano. Anong lungkot kung tatanggihan natin ang Espiritu Santong idinudulot ni Hesus o kung hahadlangan nating makapangyari Siya sa atin!
- 4. Bagamat ipinagkakaloob ang Espiritu sa bawat isa, ito’y alang-alang sa Katawan, alang-alang sa pamayanang Kristiyano.**
- Ito ang mahalagang aral na nais ipahayag ni Pablo sa atin sa Ikalawang Pagbasa para ngayon. Mahalagang kaloob ang Espiritu. Ngunit pagtanggap sa Kanya’y nangangahulugan ng mabigat ding mga obligasyon:

- a) Higit sa lahat, ***hinihingi ng Espiritung tayo’y maging laging malusog na mga kaanib ng pamayanang Kristiyano*** na ating kinabibilangan.
- Mga tuyong sanga ay dapat sunugin (*sangguniin Jn 15:6*), at mga patay na bahagi ay dapat putulin alang-alang sa katawan. Anumang gawin nating labag sa Espiritu Santo, kahit na ang ating pinakalihim na kasalanan, ay nakapipinsala sa buhay ng ating pamayanan. Ang pagiging pabaya sa ating buhay Kristiyano ay isa nang pagkakasala sa Espiritu at sa pamayanan.
- b) ***Hinihingi ng Espiritung ibahagi natin ang mga biyayang tinatanggap natin.***
- Ang matandang pamayanan ng Jerusalem ay naghati-hati sa anumang mayroon ang mga kaanib. Mahirap man, hinihingi ng Espiritung sa panahon man ngayo’y damayan natin ang mga kaawaawa sa ating pamayanan. Pagkalinga sa mga dukha at nangangailangan ay magiging laging tandang ang Espiritu ay kapiling natin.
 - Ngunit walang dapat na maging *limitasyon sa pamamahagi ng mga biyayang espirituwal* na dulot ng Espiritu. Ibig sabihin’y:
 - *Pamamahagi sa pamayanang Kristiyano.* Dapat nating ibahagi ang ating pananampalataya, dasal, kaalaman, payo, pampasigla, kapayapaan, galak . . . Walang itatago sa ating mga kapatid para sa sarili lamang. Ang tunay na Kristiyano ay *laging nasa paglilingkod ng pamayanan.*
 - *Pamamahagi sa mga di sumasampalataya at mga di-Katoliko.* Sapat na ang halimbawa ni Pedro noong Araw ng Pentekostes; nagsimula siyang magpahayag kay Kristo sa sandaling tanggapin niya ang Espiritu. Isang kayamanan ang pananampalataya kay Kristo, ngunit malaki ang kaibhan nito sa mga kayamanan sa lupa. Sa mga kayamanang panlupa, kaunti ang natitira sa iyo kapag marami kang ibinabahagi sa iba. Ngunit iba ang pananampalataya: dapat itong ibahagi; at habang lalo itong ipinamamahagi, lalo pa itong tumitibay sa iyo. Kung di tayo nagaganyak na mamahagi sa iba ng mga kaloob ng Espiritu, dapat nating tanungin ang ating mga sarili kung taglay pa natin ang mga biyayang ito.
- c) ***Bawat Kristiyano ay tinatawagang tumulong para sa kapakanan at paglago ng pamayanang Kristiyano.***
- Di pa man natitiyak ng mga doktor ang tunay na silbi ng mga tanging sangkap ng katawan ng tao, wala sa kanila ang makapagsasabing ang isang tanging sangkap ay walang ano mang silbi. Higit itong sukot masabi tungkol sa katawan ni Kristong kinabibilangan natin. Walang sinuman sa atin ang dapat magakalang siya’y walang silbi o halaga. Dapat nating isaisip ang

dalawang bagay: ang ating pagkamakasalanang at ang ating malaking kahalagahan. Dapat nating alalahaning tayo ay:

- *makasalanang* – na bagay lamang masunog sa impiyerno hangga't patuloy tayo sa pagkakasala; ngunit
 - *mahalaga sa Diyos* matapos na tinubos ng pagkamatay ni Kristo. Mga negosyante ay di nagbabayad nang malaki para sa isang walang kabuluhan. Tayo'y sadyang mahalaga sa Diyos pagkat, tulad ng sabi nga ni Pedro, tayo "*ay tinubos ng mahalagang dugo ni Kristo*" (1 Ped 1:18-19).
- Tinatawagan tayong tumulong sa pamayanang Kristiyano buhat nang ipinagkaloob sa atin ang Espiritu. Di sinusukat ng Diyos ang ating halaga ayon sa mga pamantayang pantao, kundi dependeng lahat sa kasiglahan ng buhay sa Espiritung nasa atin. Walang panghalili sa buhay ng isang Kristiyano. *Alin sa dalawa: tulongan natin o ipahamak ang pamayanang Kristiyano*, alinsunod sa kung tayo'y malusog o sakitin o patay sa katawan ni Kristo.
- Ito ay mabibigat na pagsasaalang-alang. Araw-araw nating dapat papurihan si Kristo sa kanyang kaloob na Espiritu at pagsikapan nating lagi na panatilihin at pagyamanin ang buhay sa Espiritu sa ating sarili.

BUOD

1. Ang karunungan at pag-ibig ng Diyos ay makikita sa Kanyang maingat na plano ng ating kaligtasan at sa mga dakilang paraan ng Kanyang pagpapabatid sa atin ng mga gayong plano.
2. Ibinigay ni Hesus ang kanyang Espiritu sa mga apostol sa buong buhay nila. Gayon din ang gawa niya sa bawat Kristiyano. Sukat nating ikamatay sa galak kung makikita natin ang dakilang pagkilos ng Espiritu sa atin lamang.
3. Ang mga biyayang kaloob sa atin ng Espiritu ay para sa ikalalago ng pamayanang Kristiyano. Dapat tayong maging laging malusog na sangkap ng katawan ni Kristo at handang magbahagi ng mga biyaya ng Espiritu sa ating kapwa.
4. Ang isang hamak na magsasaka ay maaaring higit na mahalaga sa Simbahan kaysa isang pari, Obispo, o Santo Papa. Upang maging kapaki-pakinabang, panatilihin nating laging masigla ang Espiritu sa ating sarili. Walang ano mang dami ng mga bagay na materiyal na maihahandog natin ay magiging kapaki-pakinabang sa pamayanan kung tayo naman ay masasakitin o patay na bahagi ng katawan ni Kristo.